

Tawagan kami nang walang bayad:
1-800-511-2300

o pumunta sa:
dhcs.ca.gov/OPL

Ingles, Espanyol, Arabic, Armenian,
Cambodian/Khmer, Cantonese, Farsi,
Hindi, Hmong, Japanese, Korean, Laotian,
Mandarin, Punjabi, Russian, Tagalog, Thai,
at Vietnamese

(magagamit nang 24/7)

**Para makuha ang mga libreng pagsusuri
para masuri para sa kanser sa suso at
cervix, ikaw dapat ay:**

- Nakatira sa California.
- Nakakatugon sa mga kinakailangan sa edad.
- Wala o mayroong limitadong insurance sa kalusugan.
- Mayroong insurance sa kalusugan na mayroong co-payment o ibabawas na hindi mo makakaya.
- Mayroong mababang kita ng sambahayan.

Pahayag ng Kawalan ng Diskriminasyon

Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay sumusunod sa naaangkop na Pederal na mga batas sa mga karapatan bilang mamamayan at hindi nandiskrimina sa basehan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian.

Mga Serbisyo ng Tulong para sa Wika

Si habla español, usted puede conseguir ayuda para entender este documento, hablando con su proveedor de atención primaria del programa EWC o llamando al Contratista Regional de su condado. Los teléfonos del Contratista Regional se encuentran abajo. Esta asistencia lingüística es gratis.

如果您說漢語，我們可以幫助您瞭解這份文檔。請諮詢您所在地EWC附近診所或當地負責聯絡人。當地負責人電話見下文，他們會免費提供說明服務。

PLACE LABEL HERE



Every Woman Counts



1-800-511-2300
dhcs.ca.gov/EWC



© 2017 Department of Health Care Services. All Rights Reserved.

Tagalog 8/2017

MAHALAGA ANG BAWAT BABAE

MAHALAGA ANG

BAWAT BABAE

Libreng Screening ng Kanser sa Suso at Cervix

Libreng Screening ng Kanser sa Suso at Cervix

Ano ang programang Mahalaga Ang Bawat Babae

Ang programang Mahalaga Ang Bawat Babae (Every Woman Counts) ay nagbibigay ng libreng screening ng kanser sa suso at cervix at mga kasunod na serbisyo. Kabilang dito ang mga klinikal na eksaminasyon ng suso, mammogram, at mga Pap test sa mga karapat-dapat na babae sa California.

Habang nagkakaedad ang mga babae, lalo na pagkatapos ng edad na 50, tumataas ang tiyansang makakuha ng kanser sa suso at cervix. Kailangang palaging ma-screen ng doktor ang mga babae para sa kanser sa suso at cervix.



Bakit kailangan kong magpa-screen para sa kanser sa suso?

- Ang mga eksaminasyon ng suso ay tinutulungan ang doktor na makita o masalat ang anumang mga pagbabago sa iyong mga suso.
- Makikita ng mga mammogram ang kanser sa suso na masyadong maliit para masalat mo o ng iyong doktor.
- Kapag maagang nakita ang kanser sa suso, mas madali itong gamutin.

Gaano ka dapat kadalas magpa-screen para sa kanser sa suso?

Kung ikaw ay 40 o mas matanda pa, kausapin ang iyong doktor tungkol sa kung kailan at kung gaano ka dapat kadalas magpa-screen para sa kanser sa suso.

Ang Mahalaga Ang Bawat Babae ay naghahandog ng libreng:

- Mga klinikal na eksaminasyon ng suso at mga mammogram sa mga babae na may edad na 40 taon at mas matanda pa.
- Pagsusuri ng kanser sa suso para sa mga babaeng wala pang 40 taon na mayroong mga sintomas. (tingnan sa ibaba ang mga babala)
- Mga Pap test sa mga babaeng may edad na 21 taon at mas matanda pa.
- Magkasabay na pagsusuri ng Pap at HPV sa mga babaeng may edad na 30 taon at mas matanda pa.
- Mga kasunod na pagsusuri kung kinakailangan.

Kabilang sa ilang babala at/o mga sintomas ng kanser sa suso ang:

- Nasasalat na laman, bukol o pamamaga sa suso o sa kili-kili;
- Mga pagbabago sa laki o hugis ng suso;
- Pagbabago sa hitsura at kulay (pagpasok, pagkulubot, pamumula, pamamalat ng balat, o pagkapal) ng suso o utong;
- Paglubog o pagpasok ng utong;
- May lumalabas sa utong; at/o
- Pananakit ng suso.

Pakitandaan na maaaring lumabas ang mga babala at/o mga sintomas na ito kasama ng mga kondisyon bukod pa sa kanser sa suso.

1-800-511-2300
dhcs.ca.gov/OPL

Bakit kailangan mong magpa-screen para sa kanser sa cervix?

- Ang mga pagsusuri para sa pag-screen ng kanser sa cervix ay ang Pap test at HPV test.
- Hinahanap ng Pap test ang mga pagbabago sa selula sa cervix na maaaring humantong sa kanser.
- Hinahanap ng HPV test ang virus na maaaring magdulot ng mga pagbabago sa selula sa cervix.
- Ang paggamot sa mga pagbabago sa selula na ito ay maaaring makapigil sa kanser sa cervix.



Gaano ka dapat kadalas magpa-screen para sa kanser sa cervix?

Ang programang Mahalaga Ang Bawat Babae ay naghahandog ng mga libreng Pap test sa mga babaeng may edad na 21 at mas matanda pa na kwalipikado, at pagkatapos ay tuwing tatlong taon kung normal ang mga resulta. Ang mga babaeng may edad na 30 taon at mas matanda pa ay maaaring piliing magkaroon ng Pap test kasabay ng HPV test kung gusto niyang dagdagan ang pagpapa-screen sa 5 taon. Kung normal ang mga resulta ng parehong pagsusuri, napakababa ng tiyansang makakuha ng kanser sa cervix sa susunod na ilang taon.